**Pamagat**: Ang Lugar ng Pagdurusa

**Texto**: Lk. 16:23a "And in hell he lift up his eyes, being in torments,…"
*Pagsasalin*: "At sa impyerno itiningala niya ang kanyang mga mata, na nasa pagdurusa…" (Lucas 16:23a).

**Panimula**:
1. Ang pinagaaralan natin ngayon ay mabigat. Ang mensahe po ay patungkol sa paghatol na walang awa, banal na paghihiganti, huling pagsumpa, impyerno, at walang hanggang paghihiwalay ng kaluluwa sa kabutihan ng Diyos, o ang kaparusahan ng mga hindi ligtas.
2. Meron bang impyerno? Ano ang mga katangian ng impyerno? Sino ang pupunta doon? Maraming mga sanggunian o references ang Bible patungkol sa impyerno. Ito ay ang bigbigyan natin pansin ngayon.

**I. Ang Impyerno ay isang lugar**.
1. Lucas 16:23 "AT SA IMPYERNO" – "and in hell"; (v.28) "lugar ng pagdurusa"
2. Ito ay may tiyak na lokasyon – Isa. 14:9 "Hell from beneath" – "mula sa ibaba." Isa. 14:15 "brought down to hell" – "Gayon ma'y mabababa ka sa impyerno." "kadululuhang bahagi ng hukay. Ezk. 31:14 "pinakamalalim na bahagi ng lupa" – "Nether parts of the earth."
3. Bagamat hindi natin matatagpuan ang exactong lokasyon, at least makikita natin sa Bible na ito ay tunay na isang lugar.

**II. Ang Impyerno ay isang lugar na inihanda ng Panginoon**.
1. Mateo 25:41 Kung magkagayo'y sasabihin naman niya sa mga nasa kaliwa, Magsilayo kayo sa akin, kayong mga sinumpa, doon kayo sa walang katapusang apoy na inihanda para sa diablo at sa kaniyang mga anghel: - "into everlasting fire, prepared for the Devil and his angels."
2. Hindi hinanda ng Diyos ang impyerno para sa mga tao. (2 Pedro 3:9). Pero kung ang kaluluwa ng makasalanang tao ay papunta sa impyerno ito ay higit o dapat lampasan ang krus ng Kalbaryo, o ang dakilang pagpapakasakit ng Anak ng Diyos!

**III. Ang Impyerno ay isang lungar ng pagdurusa**.
1. Lahat ng pakiramdam ay nararamdaman ng kaluluwa. (Lk. 16:23 – Nakita niya si Lazarus; v.24 Tumawag siya; v.24 palamigin ang aking dila; naghihirap ako sa apoy na ito.
2. Meyroon siyang alaala (v.25), at naisip niya ang kanyang mga kapatid (v.28). – Lahat na nasa impyerno ay maaalaala nila ang mga mensahe at babala ng Ebanghelyo, lahat ng mga babasahin at hudyat na magsisi na at sumampalataya sa Panginoong Jesu-Cristo pero huli na ang lahat. Wala na pong "second chance" sa impyerno.
3. Pansinin natin ang Salita ng Diyos ayon sa impyerno:
   a. "Mamumungaw na apoy"[lumalamong apoy] (Isa. 33:14) "walang hanggang ningas [pagsunog]
   b. "Apoy na hindi mapapatay" (Mateo 3:12).
   c. "Impyerno ng apoy" (Mateo 5:22; Marco 9:47)
   d. "Panlabas na kadiliman" (Mat. 8:12; "ilalim ng kadiliman" Jude 1:6; v.13 pusikit ng kadiliman [napakadilim na lugar])
   e. "Kalan ng apoy" [pugon ng apoy] (Mat. 13:42, 50).
   f. "Apoy na walang hanggan" [walang katapusang apoy] (Mat. 25:41)
   g. "Walang hanggang kaparusahan" (Mat. 25:46)
4. Itong pagdurusa ay magpakailanman (Pahayag 14:11 "At ang usok ng hirap nila ay napaiilanglang magpakailan kailan man;)

**Katapusan**:
1. Ang katunayan ng impyerno ay marami.
2. Ang pagtanggi nitong doktrina ay hindi nakakababa ng temperatura ng impyerno.
3. Ang panahon ng pagpili ay ngayon, habang buhay ka pa dito sa kabila ng kawalang-hanggan.